**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Students' ability in writing narrative texts toward the development of a proposed writing guide

**Marites N. Balmaceda**
Benguet State University
La Trinidad, Benguet, Philippines
Email: balmacedamaritesnatividad@gmail.com

ABSTRACT

This study focuses on the weaknesses of students in writing narrative texts. A qualitative research approach was employed, utilizing content analysis and descriptive design. Content analysis was used to examine student compositions and identify their weaknesses in writing narrative texts. In addition, an interview guide was used to determine the factors that affect the respondents' writing performance. The study was conducted at the Senior High School Department of Easter College with ninety-eight Grade 11 Humanities and Social Sciences (HUMSS) students as participants. Based on the results, the students demonstrated writing ability but also exhibited errors or weaknesses that must be further developed. The analysis of the collected data revealed that the students had three major writing weaknesses and faced three factors that affected their ability to write narrative texts. These include paragraph development, subject knowledge, and organization of ideas, as well as environmental noise, proficiency in the Filipino language, and lack of time.

Keywords: writing, narrative text, proposed guide

Date Submitted: September 20, 2025
Date Accepted: October 23, 2025
Date Published: November 16, 2025

---

DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404607

Recommended citation:
Balmaceda, M. N. (2025). Students' ability in writing narrative texts toward the development of a proposed writing guide. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 6691-6701. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404607

# Kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong naratibo tungo sa pagbuo ng mungkahing gabay sa pagsulat

**Marites N. Balmaceda**
Benguet State University
La Trinidad, Benguet, Philippines
Email: balmacedamaritesnatividad@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong naratibo. Ginamit sa pag-aaral ang pamaraang kuwalitatibo. Pagsusuring nilalaman at palarawan ang ginamit na disenyo. Ginamit ang pagsusuring pangnilalaman sa mga sulatin upang matukoy ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong naratibo. Bukod dito, gumamit din ng gabay sa pakikipanayam upang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa pagsulat ng mga respondente. Isinagawa ito sa Easter College departamento ng Senior High School na may siyamnapu't walong mag-aaral sa Humanities and Social Sciences ng ika-11 baitang. Batay sa resulta, kinakitaan ang mga mag-aaral ng kakayahan sa pagsulat ngunit kinakitaan din ng mga kamalian o kahinaan na dapat pang malinang. Lumabas sa isinagawang pagsusuri ng mga datos sa pag-aaral na mayroong tatlong pangunahing kahinaan ang mga mag-aaral at tatlong salik na nakaaapekto pagdating sa pagsulat ng tekstong naratibo. Ang mga ito ay pagbuo ng talata, kaalaman sa paksa, organisasyon ng ideya, maingay na kapaligiran, kaalaman sa wikang Filipino at kakulangan ng oras.

Mga susing salita: pagsulat, tekstong naratibo, mungkahing gabay

## PANIMULA

Ang pagsulat ng tekstong naratibo ay isang paraan ng pagpapahayag ng isip at damdamin ng tao. Ito ay isang malayang pagsulat na kung saan ang manunulat ay patuloy na sumusulat hanggang makabuo ng paksa o ideya. Ang tekstong naratibo ay itinuturing na pinakapayak na paraan ng pagsulat ng mga natatanging karanasan, pagbibigay interpretasyon sa mga pangyayari sa kapaligiran, at puna sa nabasang akda o panonood ng pagtatanghal (Dayag, 2012). Sa apat na pangunahing kasanayang makro sa komunikasyon, pinakamahirap at pinakahuling natututuhan ng tao ang pagsusulat sapagkat ito ang pinakamasalimuot sa lahat (Belvez et al., 2002). Kailangan munang matutunan ng isang mag-aaral na makinig, magsalita, at magbasa bago siya matutong magsulat. Ang pag-unawa ay isa sa mga pinakamahalaga at pinakamahirap na gawain ng mga mambabasa. Mahalaga ito sapagkat kung wala ito ay maaaring manatiling binasa lamang ang teksto ngunit walang kaalamang natamo. Gayundin naman sa pagsulat maaaring magsulat ng isang teksto ang mag-aaral subalit hindi nakapagpahayag ng buo at makabuluhang sulatin kung kulang sa kakayahang magsulat ang isang mag-aaral.

Ayon kina Mabilin et al. (2012) ang pagsulat ay isang pambihirang gawaing pisikal at mental dahil sa pamamagitan nito ay naipahahayag ng tao ang kanyang nais sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa papel o anumang kagamitang maaaring pagsulatan. Ayon din kina Julian

at Lontoc (2016), ang gawaing pagsulat ay isa sa mga dapat pagtuunan ng pansin na malinang at mahubog sa mga mag-aaral sapagkat dito masusukat ang kanilang kahandaan at kagalingan sa iba't ibang disiplina. Nangangahulugan ito na ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa iba't ibang gawaing pasulat ay nakatutulong nang malaki sa paglinang ng kanilang kakayahan sa pagsulat at sa iba pang larang.

Matagal nang itinuturo ang pagsulat sa mga paaralan ngunit wala pang tiyak na pormulang maibibigay sa pagtuturo ng paglinang ng kasanayan sa pagsulat ayon kay Austero (2014). Ayon naman kay Mariano (2018) nakaaangat ang mga indibidwal na may kakayahan sa akademikong pagsulat o intelektuwal na pagsulat. Bawat isa ay mahalagang matutunan ang akademikong pagsulat sapagkat kung marunong sumulat nang may kabuluhan at maayos ang isang tao, malaki ang naitutulong nito sa panahon ngayon dala ng mahigpit na kompetisyon sa larangan ng trabaho at edukasyon maituturing siya na nakaaangat sa iba. Sa usaping pagsulat marami na ang suliranin na kinakaharap ang mga guro. Tulad ng mga kamalian sa salitang gagamitin, pagkakabuo ng mga salita, organisasyon at pagbuo ng pangungusap, talata, pagsunod sa tuntunin ng pagsulat, at marami pang iba. Ayon din sa pag-aaral ni Cer (2019), kinakailangan ng mga mag-aaral na mapalawak o mapalaki ang kasanayan nila sa pagsulat sa simula pa lamang ng kanilang pagkatuto upang masigurado ang katagumpayan ng kanilang kinabukasan. Nangangahulugan lamang na malaki ang epektong dulot ng kasanayang ito sa buhay ng isang mag-aaral.

Sa pag-aaral naman ni Prihatmi (2017), kailangang tandaan ang dalawang aspeto ng proseso ng matagumpay na pagsulat. Kailangang unawain ang mga hakbang sa paglalahad ng kaalaman kaugnay sa paksa at ang prosesong nakapaloob sa pagsusulat ng mga ito. Kailangang unawain ang mga pangangailangan ng pagsulat katulad ng nilalaman, pormat, bokabularyo, wika at mekaniks. Hindi natin maiwasan ang pagkakaroon ng kamalian sa pagsulat. Ang pagkakaroon ng kamalian ay patunay na may nagaganap na pagkatuto sa mga mag-aaral. Sa pag-aaral ni Marigza (2014) na kalinawan ayon sa mga guro at mag-aaral, ang itinuturing na mga pangunahing salik na nakakaapekto sa kakayahang pang-akademiko ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa ikalawang taon ng sekondarya hindi lamang isang malaking hamon ang pagsulat, bagkus isang malaking problema ng kagawaran ng edukasyon.

Sa pag-aaral din nina Pablo at Lasaten (2018), ipinapakita na ang mga mag-aaral ng Senior High School ay nahihirapan sa akademikong pagsulat tulad ng sanaysay dahil sa kakulangan ng ideya sa mga tuntunin ng nilalaman, kakulangan ng mga pang-ugnay na salita sa pag-oorganisa, mali at mahinang paggamit ng mga salita. Ang mga suliraning ito ng kasanayang pagsulat ng mag-aaral ay batay marahil sa kakulangan ng kaalaman sa nilalaman, mekaniks ng pagsusulat, at iba pa.

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy at malaman ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong naratibo. Matukoy ang mga dahilan sa kadalasang pagkakamali sa pagsulat ng tekstong naratibo at maibigay ang angkop na mga mungkahing gabay upang mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Naniniwala ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng malaking ambag sa pagpapaunlad sa pagsulat ng mga akademikong sulatin na magagamit ng mag-aaral sa pagbuo nila ng kanilang pananaliksik.

Paglalahad ng suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang kakayahan sa pagsulat ng tekstong naratibo ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang. Nilalayon nitong masagot ang mga sumusunod na katanungan.

Ano ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang sa pagsulat ng tekstong naratibo na kailangan pang malinang? Ano ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong naratibo?

## METODOLOHIYA

Ginamit sa pag-aaral ang pamaraang kuwalitatibo. Pagsusuring nilalaman at palarawan ang ginamit na disenyo. Ginamit ang pagsusuring pangnilalaman upang matukoy ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong naratibo. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng pagsusuring pangnilalaman sa mga sulatin na ipinasulat ng guro at gumamit ng pag-interpreta sa nilalaman ng text data sa pamamagitan ng sistematikong pagklasipika sa prosesong coding at pagkilala ng tema o disenyo.

Siyamnapu't walo na respondente ang kasangkot sa pag-aaral na nasa ika-11 ng Humanities and Social Sciences sa Senior High School Department ng Easter College.

Ginamit ng mananaliksik ang tigtatlong (3) sulatin ng mga mag-aaral upang matukoy ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng tekstong naratibo. Ginamit din ng mananaliksik ang gabay sa pakikipanayam upang makapanayam ang mga kalahok at malaman ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang kakayahan sa pagsulat.

Para matukoy ang mga kahinaan sa pagsulat ng mga mag-aaral, sinuri ang kanilang mga tekstong naratibo. Tinukoy ang kanilang mga kamalian dito bago nakategorya gamit ang tematesasyon. Ito ang naging batayan sa pagtalakay. Sa pagtukoy naman sa mga salik na nakaaapekto sa pagsulat ng mga mag-aaral, ang mga datos na nakarekord ay idinaan sa transkripsiyon. Isinagawa ang masusing pagsusuri sa nakatranskrayb na mga pahayag at isinagawa ang cool at warm analysis kung saan sinuri ang mahahalagang pahayag ng mga kalahok. Pagkatapos isinagawa ang cool at warm analysis o pagkakategorya sa mga mahahalagang pahayag nabuo ang mga tema na naging batayan sa pagtalakay sa ikalawang suliranin.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### Resulta ng pagsusuri sa mga tekstong naratibo

### Pagbuo ng Talata

Ang pagsulat ng isang teksto kagaya ng tekstong naratibo ay binubuo ng tatlo o higit pang talata na mayroong simula, katawan, at wakas. Sa pagsusuri ng tigtatlong tekstong naratibong sinulat ng mga mag-aaral lumabas na karamihan sa mga mag-aaral ay walang kakayahan na makabuo ng tatlong talata o higit pa upang mabuo ang tekstong naratibo. Lumabas rin na isang talata lamang ang nakasanayan nilang isulat at kagyat na tinapos ang tekstong naratibo na nangangailangan ng mas detalyadong pagsulat. Sa kabuuan, isinasaad ng resultang ito na hindi pa lubusang nalinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng simula, katawan at wakas ng isang teksto. Nangangahulugan lamang ito na hindi pa lubusang natatamo ng mga mag-aaral ang kakayahan sa pagsulat ng tekstong naratibo. Maaaring makatulong sa ganitong kahinaan ang wastong paggabay at maayos na pagtuturo sa mga mag-aaral. Sa ganitong sitwasyon, malaki ang

responsibilidad at gampanin ng guro upang matugunan ang kahinaang ito ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong naratibo.

Kaalaman sa paksa

Ang kaalaman sa paksa bilang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ay dapat bigyang-pansin. Mahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng tekstong naratibo kung wala silang kaalaman sa sinusulat. Sa pagsusuri ng tigtatlong tekstong naratibong sinulat ng mga mag-aaral, lumabas na may kakayahan subalit kailangan pang malinang ang kanilang kaalaman sa paksa. Isinagawa ang pagtalakay at pagsusuri ng iba't ibang tekstong naratibo subalit may mga mag-aaral pa rin na kailangang linangin ang kanilang kakayahan sa pagsulat lalo na sa kaalaman sa paksa. Mula sa nasuring sulatin makikita na hindi sapat ang kaalaman sa paksang tatalakayin ayon sa nilalaman ng tekstong naratibong kanilang sinulat. Lumabas ding mahirap sa mag-aaral ang pagpili ng pangunahing paksa na maaaring pag-ikutan ng isang sulatin. Ang isa sa mga pangunahing kakayahang dapat taglayin ng manunulat sa anumang sulatin ay ang mayamang kaisipan at kaalaman. Ang mga ito ang magsisilbing pundasyon sa malaman at komprehensibong sulatin. Ang mga mababaw at walang kalidad na impormasyon ay hindi makatutulong upang makapukaw ng pansin at atensyon sa mambabasa dahil ito ay pangkaraniwan lamang para sa kanila.

Organisasyon ng ideya

Ang organisasyon ng ideya ay ang pagkakaugnay-ugnay ng mga kaisipan at diwang tinatalakay sa isang sulatin. Isa ito sa mga katangiang dapat taglayin upang maging malinaw, organisado at epektibo ang anumang sulatin. Mula sa isinagawang pagsusuri sa mga sulatin, isa sa nakitang kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ang organisasyon ng mga ideya. Batay sa mga nasuring papel ng mga mag-aaral nagsasaad na hindi pa lubusang nalinang ang kanilang kakayahan sa pagkakaroon ng maayos na organisasyon ng ideya sa pagsulat ng tekstong naratibo. Maaaring may kakulangan din silang mag-isip kung paano maiayos ang mga ideyang nais ibahagi sa kanilang sulatin. Ang kawalan ng maayos at organisadong ideya sa tekstong naratibo ay kakulangan sa kakayahan sa makabuluhang pagsulat. Samantala, ang pagkakaroon ng organisadong paglalahad ay mahalaga upang maipabatid ang ideya ng tekstong naratibo sa mga mambabasa.

Resulta ng pakikipanayam sa mga mag-aaral

Maingay na kapaligiran

Isa sa lumabas na salik na nakaaapekto sa mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong naratibo ay ang maingay na kapaligiran. Kung maingay ang kapaligiran tiyak na apektado ang paraan ng pagsulat at nawawala ang pokus na makapag-isip. Ang pokus ay mahalaga sa pagbubuo ng mga ideya at pag-oorganisa ng mga salita sa pangungusap at pangungusap sa pagbuo ng talata. Ito ay nagdudulot ng pagkalito, pagkawala ng ideya at paghihirap na makapag-isip. Lumabas sa pakikipanayam sa mga mag-aaral na ang pagkalito, hirap mag-isip, pagkawala ng ideya sa isipan at ang paraan ng kanilang pagsulat ay dulot ng maingay na kapaligiran. Nagsasaad na ang maingay na kapaligiran ay may negatibong epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat kaya isa ito

sa dapat bigyang konsiderasyon sa mga gawain sa paaralan. Isa ito sa nagiging salik na nakaaapekto sa paraan ng pagsulat sapagkat hindi mabibigyan ng pokus ng mga mag-aaral ang kanilang sulatin at maaaring magdulot ng magulo at kawalan ng interes na mag-isip pa. Malaking hadlang ang pagkakaroon ng maingay na kapaligiran sa pagbuo ng kanilang sulatin sapagkat naapektuhan ang kanilang pag-iisip, pagbuo ng ideya, paghabi ng pangungusap at paraan ng pagsulat. Malaki ang naiaambag ng kapaligiran sa pagtatamo ng kaalaman, kasanayan, kakayahan at karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Kaalaman sa wikang Filipino

Ang wika ay isang mahalagang kasangkapang ginagamit sa pakikipagkomunikasyon. Ito ang instrumento sa pagpaparating ng ideya, saloobin at nararamdaman ng isang tao. Subalit sa makabagong panahon nagiging hamon sa mga guro sa Filipino ang pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral. Hindi wikang Filipino ang kinalakhang wika sa loob ng tahanan dahil sa pagtangkilik ng mga magulang at nag-aalaga sa wikang banyaga, ang mga pinapanood sa telebisyon at social media na kadalasang nasa wikang Ingles isama pa ang epekto ng mga kaibigan na nais maging sosyal at kakaiba sa lahat kaya naman wikang Ingles ang ginagamit sa pakikipag-usap. Ito ang lumabas sa pananaliksik na naging sagabal o salik na nakaaapekto sa kanilang pagsulat ng tekstong naratibo. Lumabas sa pakikipanayan sa mga mag-aaral na may epekto ang kawalan ng kasanayan sa wikang Filipino sa kanilang pagsulat. Ito ay nagdudulot ng maling pagpili ng salita sa kanilang sulatin dahil sa hindi angkop ang mga salitang ginagamit nila sa wikang Filipino katumbas ng mga naiisip nilang salita sa wikang Ingles. Ito ang nagiging dahilan kaya't walang kalinawan ang sulatin at hindi naihahayag ang wastong ideya o pahayag sa sulatin. Malaki ang epekto nito sa kakayahang nais matamo ng mga mag-aaral sa pagsulat ng isang makabuluhang teksto. Ang kahinaan sa wikang Filipino ay magiging malaking hadlang upang maipahayag nang buo at ganap ang ideyang nais na maisulat.

Kakulangan sa oras

Isa rin sa mga natuklasang salik na nakakaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mahusay na tekstong naratibo ay ang kakulangan ng oras sa pagsulat. Lumabas sa pakikipanayam sa mga mag-aaral na ang kakulangan sa oras ang isang salik na nakaapekto sa pagsulat ng tekstong naratibo, kulang ang oras dahil sabay-sabay na maraming gawain sa paaralan. Nabanggit ng mga mag-aaral na kailangang maglaan ng sapat na oras upang makapag-isip nang mabuti at maisaayos ang kanilang sulatin. Ito rin ang nakikitang dahilan kung bakit nawawalan ng saysay o kabuluhan ang isinusulat dahil kung ano ang maisip sa oras na iyon ay ito na lamang ang isusulat at hindi na nasusuri kung wasto ang ginamit na mga salita kung wasto ang binuong sulatin. Isinasaad ng resultang ito na maaaring kulang sa pamamahala sa oras ang mga mag-aaral. Maaaring marami ang gawain sa paaralan subalit kung batid ng mga mag-aaral ang kahalagahan at wastong pamamahala sa oras, maaaring matapos ang pagsulat sa tamang oras. Ito ang isang dapat malinang sa kanila, ang wastong pamamahala sa oras.

## KONKLUSYON

Batay sa kabuuang kinalabasan ng pag-aaral, napatunayan na ang mga mag-aaral sa ika-11 baitang ng Humanities and Social Sciences sa Senior High School Department ng Easter College ay nagtataglay ng kakayahan sa pagsulat ng tekstong naratibo, subalit malinaw na mayroon pa silang mahahalagang kahinaang dapat malinang. Mula sa pagsusuring pangnilalaman ng tigtatlong sulatin ng siyamnapu't walong (98) respondente, lumabas na tatlong pangunahing kahinaan ang patuloy na humahadlang sa kanilang kakayahang makalikha ng mahusay na tekstong naratibo: ang pagbuo ng talata, sapat na kaalaman sa paksa, at organisasyon ng ideya. Marami sa mga mag-aaral ang hindi nakalilikha ng tatlong talata o higit pa at madalas ay nagtatapos sa isang talata lamang, na nagpapakitang hindi pa ganap ang kanilang pag-unawa sa estruktura ng naratibong may simula, gitna, at wakas. Gayundin, makikita sa kanilang mga sulatin ang kakulangan sa malawak at makabuluhang kaalaman sa paksang sinusulatan, na nagreresulta sa mababaw na paglalahad at kawalan ng pokus. Samantala, ang hindi organisadong ideya ay nagpapahiwatig ng kahirapan sa pag-uugnay-ugnay ng mga kaisipan upang makabuo ng malinaw at lohikal na naratibong daloy.

Bukod sa mga kahinaang lumitaw sa pagsusuri ng sulatin, napatunayan din sa isinagawang pakikipanayam na tatlong salik ang lubhang nakaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat: maingay na kapaligiran, kahinaan sa wikang Filipino, at kakulangan sa oras. Ang maingay na kapaligiran ay nagdudulot ng pagkawala ng pokus, pagkalito, kawalan ng ideya, at hirap sa pagbuo ng pangungusap at talata. Samantala, ang kakulangan sa kasanayan sa wikang Filipino ay nagpapahirap sa mga mag-aaral na pumili ng angkop na salita, dahil mas bihasa sila sa wikang Ingles na madalas ginagamit sa tahanan, sa social media, at maging sa ugnayang interpersonal. Ang ganitong sitwasyon ay nagdudulot ng hindi angkop na pagpili ng salita at kawalan ng kalinawan sa teksto. Dagdag pa rito, ang kakulangan ng oras dulot ng sunod-sunod na gawain sa paaralan ay naglilimita sa kanilang kakayahang makapag-isip nang malalim at makapagsaayos ng kanilang sulatin, kaya't nagiging pabigla-bigla at walang repleksiyon ang kinalalabasan ng kanilang mga naratibo. Ang mga salik na ito ay may direktang implikasyon sa kalidad ng kanilang pagsulat at lumilitaw na mahalagang pagtuunan upang maitaas ang antas ng kanilang kakayahan.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga natuklasan na mahalagang palawakin pa ang paglinang sa kasanayan sa pagsulat ng tekstong naratibo, lalo na sa pagbuo ng talata, pagpapalawak ng kaalaman sa paksa, at wastong organisasyon ng ideya. Ang mga suliraning ito ay nangangailangan ng sistematikong pagtuturo, sapat na gabay mula sa guro, at tuloy-tuloy na pagsasanay na may malinaw na estratehiya. Mahalaga ring mabigyang solusyon ang mga salik na lumitaw tulad ng maingay na kapaligiran, kakulangan sa kasanayan sa wikang Filipino, at kahinaan sa pamamahala ng oras. Ang paglikha ng mga interbensiyon para sa mga hamong ito ay makatutulong hindi lamang sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat kundi maging sa kabuuang kakayahang akademiko ng mga mag-aaral.

Batay sa mga natuklasan, lumilitaw na makatutulong nang malaki ang pagpapatuloy ng paglinang sa kasanayan sa pagsulat ng tekstong naratibo sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pampagtuturo na nakatuon sa pagbuo ng talata, pagpapalawak ng kaalaman sa paksa, at mas malinaw na organisasyon ng ideya. Mahalaga ring gamitin ang binuong mungkahing gabay upang maituro nang sistematiko ang mga hakbang at estratehiya sa pagsusulat ng naratibo at matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kakayahan. Dahil ang kasalukuyang pag-aaral ay tumutok lamang sa pagsusulat ng tekstong naratibo, mainam ding isagawa sa hinaharap ang

pananaliksik na nakatuon sa gramatika upang higit pang matukoy ang mga teknik at interbensiyong makapagpapalakas sa kabuuang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa huli, ipinakikita ng pag-aaral na ang mahusay na pagsulat ay hindi lamang produkto ng talento kundi bunga ng sapat na kaalaman, wastong gabay, positibong kapaligiran, at patuloy na pagsasanay—mga elementong dapat pagkaisahan ng guro, mag-aaral, at institusyon upang maisulong ang makabuluhang pagkatuto sa asignaturang Filipino.

MGA SANGGUNIAN

Angel, R. (2022). Karaniwang kamaliang panggramatika sa mga akademikong sulatin (Hindi nailathalang tesis sa masteral). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Aquino, G. (2003). Effective teaching (3rd ed.). National Bookstore.

Ariana, S. (2010). Some thoughts about writing skills. Annals of the University of Oradea, Economic Science Series, 19(1).

Asuncion, A., & Mendoza, E. (2017). Tan-aw: Pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. Abiva Publishing House, Inc.

Austero, C. S. (2014). Komunikasyon sa Filipino. Rajah Publishing House.

Badayos, P. (1999). Metodolohiya sa pagtuturo ng wika. Grandwater Publications.

Barlis, M. A. (2001). Antas ng kakayahan sa kasanayang pagsulat ng mga student teacher na nagpapakadalubhasa sa Filipino (Unpublished master's thesis). Saint Louis University, Baguio City.

Belvez, P., Buensuceso, T., Catacataca, P., Cui-acas, C., Lemence, E., Papa, N., Tuazon, R., & Villafuerte, P. (2002). Retorika: Mabisang pagsasalita at pagsulat. Rex Book Store, Inc.

Bernales, R. A., Bernardino, E., Deribar, I., Mira, D., Ontal, J., & Orillana, G. (2013). Retorika: Ang sining ng pagpapahayag batayan at sanayang-aklat sa Filipino 3, antas tersarya. Mutya Publishing House, Inc.

Borne, K. (2017). 3 ways environment affects your writing. https://www.theodysseyonline.com/3-ways-environmentaffectsyour-writing

Budd, R., Donohew, I., & Thorp, R. (1967). Content analysis of communications. Macmillan.

Campos, R. (2021). Kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat: Batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo (Di nailathalang tesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Capinlac, J. I. (2018). Mga hamon at estratehiya sa pagtuturo ng obra maestrang Noli Me Tangere tungo sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo (Hindi nailathalang tesis sa masteral). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Carver, I. (2016). Using blogging software to provide additional writing instruction. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1116834.pdf

Cer, E. (2019). The instruction of writing strategies: The effect of metacognitive strategy on the writing skills of pupils in secondary education. SAGE Journals, 9(2).

Cole, J., & Feng, J. (2015). Effective strategies for improving writing skills of elementary English language learners. Chinese American Educational Research and Development Association Annual Conference. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED556123.pdf

Cortez, D. B. (2005). Mga kamalian sa pagsasalita at pagsusulat ng mga mag-aaral sa Baguio Colleges Foundation: Isang pagsusuri (Unpublished dissertation). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Cresswell, A. (2000). Self-monitoring in student writing: Developing learner responsibility. https://academic.oup.com/eltj/article-abstract/54/3/235/292425

Dayag, A. (2012). Pluma IV: Wika at panitikan. Phoenix Publishing House, Inc.

Dayag, A. M., & Del Rosario, M. (2017). Pinagyamang Pluma 11 (K to 12): Pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. Phoenix Publishing House, Inc.

DeFazio, J., Jones, J., Tennant, F., & Hook, S. A. (2010). Academic literacy: The importance and impact of writing across the curriculum—a case study. Journal of the Scholarship of Teaching and Learning. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ890711.pdf

De La Paz, S., & Graham, S. (2002). Explicitly teaching strategies, skills, and knowledge: Writing instruction in middle school classrooms. Journal of Educational Psychology, 94(4), 687–698. https://doi.org/10.1037/0022-0663.94.4.687

De los Reyes, A. (2021). Karaniwang gramatikang pagkakamali sa pagsulat ng sanaysay tungo sa lingguwistikong kasanayan. https://eprajournals.com/jpanel/upload/1112pm_43epra%20journals%207727.pdf

Enriquez, M. (2012). Edukasyon, susi sa tagumpay. http://www.hermosa.gov.ph/index

Evangelista, J. (2018). Kurikulum ng K–12: Pananaliksik sa estado ng makabagong sistema ng edukasyon. https://jennelievangelista.wordpress.com

Felipe, K. (2022). Kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon (Di nailathalang tesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Lindkvist, K. (1981). Approaches to textual analysis. In K. Rosenggren (Ed.), Advances in content analysis (pp. 245–265). SAGE Publications.

Listyani, L. (2018). Promoting academic writing students' skills through "process writing" strategy. Advances in Language and Literacy Studies, 9(4), 173–179. http://dx.doi.org/10.7575/aiac.alls.v.9n.4p.173

Mabanglo, R. (2016). Guro, maging malikhain sa pagtuturo ng Filipino. https://www.rappler.com/nation/1010762-guro-maging-malikhain-pagtuturo-filipino/

Mabilin, E., & Royo, B. (2012). Transpormatibong komunikasyon sa akademikong Filipino. https://learning-ph.com

Macasmag. (2011). Pagpapakahulugan sa pandiwa. http://angpandiwa.html.jdshgccc.89cbdshcv.online

Mahasneh, A., & Alwan, A. (2018). The effect of project-based learning on student teacher self-efficacy and achievement. International Journal of Instruction, 11(3), 511–524.

Magpile, C. (2022). Lirip: Pagbasa at pagsusuri sa Filipino tungo sa pananaliksik. The Inteligente Publishing, Inc.

Mariano, R. (2018). Sining ng pagsulat. https://prezi.com/cpaoufmhzow1/sining-ng-pagsulat

Marigza, R. (2014). Kakayahang pang-akademiko sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang taon (Hindi nailathalang tesis sa masteral). Benguet State University.

Marquez, S. (2017). Pintig Senior High School: Pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. SIBS Publishing House, Inc.

McTavish, D. G., & Pirro, E. (1990). Contextual content analysis. Quality and Quantity, 24, 245–265.

Mortera, M., & Conti, B. (2016). Komunikasyon sa akademikong Filipino. Books Atbp. Publishing Corp.

Ngeteg, D. (2022). Kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sulating pangangatuwiran (Di nailathalang tesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Nordquist, R. (2017). Ang pangunahing mga katangian ng epektibong pagsusulat. https://tl.eferrit.com/ang-oangunahing-mga-katangian-ng-epektibong-pagsusulat/

Owocki, G., & Goodman, Y. (1997). The teaching of writing. In V. Edwards & D. Corson (Eds.), Encyclopedia of language education. Kluwer Academic Publisher.

Pablo, J., & Lasaten, R. (2018). Writing difficulties and quality of academic essays of senior high school students. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 6.

Paltridge, B. (2009). Teaching academic writing: An introduction for teachers of second language writers. University of Michigan Press.

Prihatmi, T. N. (2017). English academic writing bagi mahasiswa—hambatan dan solusi. Seminar Nasional Inovasi dan Aplikasi Teknologi Industri, Malang.

Quiambao, J. I. T. (2018). Pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral ng ika-21 siglo. https://www.pressreader.com/ph

Reid, S., & Kiefer, K. (2021). Definition of organization. https://writing.colostate.edu/guides/page.cfm?pageid=555&guided=29

Reyes, A., & Reyes, M. (2016). Diwa Senior High School Series: Pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. DIWA Learning Systems Inc.

Schmidtke, A. (2009). Strategies for reducing test anxiety and optimizing exam preparation in German university students. Journal of Neural Transmission, 116, 785–790. http://dx.doi.org/10.1007/s00702-008-0123-7

Spinelli, E. (2006). Graphemic cohesion effect in reading and writing complex graphemes. https://www.tandfonline.com/toc/plcp21/current

Tesch, R. (1990). Qualitative research: Analysis types and software tools. Falmer.

Villafuerte, P. (2002). Ang gurong manunulat/ang manunulat na guro: Dukal ng pagkamalikhain at sosyo-politikal sa bansa. Philippine Normal University Journal on Teacher Education.

Villafuerte, P., & Bernales, A. (2005). Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga teorya at praktika. Mutya Publishing House, Inc.

Waldman, C. (2016). Four elements for creating a positive learning environment. https://all4ed.org/blog/four-elements-for-creating-a-positive-learning-environment/